



## ILANG IMPORMASYON SA

# Coverage para sa Ngipin ng Bata

**May karapatan ka sa abot-kayang pangangalagang pangkalusugan.**

**Ang NY State of Health ay ang opisyal na Marketplace ng plan sa kalusugan ng New York.**

### Magpatala na.



Online sa [nystateofhealth.ny.gov](https://nystateofhealth.ny.gov)



Sa pamamagitan ng telepono sa  
1-855-355-5777  
TTY  
1-800-662-1220



Bumisita sa isang Personal na Tagatulong (In-Person Assistor) sa [info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor](https://info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor)

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/ relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, seksual na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

**Pinaniningning ng ngiti ng iyong anak ang araw mo. Maaaring magbunga ang pag-aalaga nito ngayon sa isang mas malusog na kinabukasan.**

**Ngunit mayroong mga bagay na dapat isaalang-alang **bago magpatala** sa isang plan para sa ngipin ng bata.**

### 1 Paano ako makakakuha ng mga benepisyo para sa ngipin ng bata?

- Ang lahat ay may access sa mga benepisyo para sa ngipin ng bata, sa pamamagitan man ng isang Qualified Health Plan (QHP), o mula sa isang nagsasariling plan para sa ngipin ng bata.<sup>1</sup>
- Kung nangangailangan ang parehong matanda at bata ng coverage, mayroon kang opsiyon ng isang pampamilyang plan para sa ngipin, bilang bahagi man ng isang QHP o isang nagsasariling pampamilyang plan para sa ngipin.<sup>2</sup>

### 2 Magkano ang gastos sa coverage para sa ngipin ng bata?

- Bilang karagdagan sa buwanang premium, maaaring magkaroon ng taunang deductible ang mga plan para sa ngipin ng bata, na ang halagang dapat mong bayaran bago ma-cover ng iyong plan ang mga serbisyong hindi mga benepisyong pang-iwas (preventive benefit). Iba-iba ang deductible ayon sa plan.
- Maaari ring magkaroon ng co-payment o co-insurance ang isang plan para sa ngipin ng bata para sa mga covered na serbisyo.
- Ang lahat ng mga plan para sa ngipin ng bata ay may pinakamataas na limitasyon sa gastos na mula sa sariling bulsa sa halagang \$350 sa bawat bata at \$700 sa bawat pamilya. Ito ang pinakamataas mong babayaran sa panahon ng anumang nakatakdang taon ng coverage.

<sup>1</sup> Iba-iba ang mga plan para sa ngipin ng bata ayon sa bansa.

<sup>2</sup> Para sa higit na impormasyon sa mga pampamilyang benepisyo sa ngipin, tingnan ang *Dokumentasyon ng Impormasyon ng NY State of Health ukol sa Pampamilyang Coverage para sa Ngipin.*

## ILANG IMPORMASYON SA

# Saklaw para sa Ngipin

## 3 Ano ang mga serbisyong covered ng isang plan para sa ngipin ng bata?

- Binubuo ang mga benepisyo para sa bata ng apat na pangunahing kategorya: pang-iwas/karaniwan, regular, pangunahin, at medikal na kinakailangang orthodontia.
- Covered din ang mga pang-emergency na pangangalaga sa ngipin ng mga plan para sa ngipin ng bata.

Kategorya ng Serbisyo	Halimbawa ng Serbisyo
Pang-iwas/Karaniwan	Mga check-up, paglilinis, fluoride at panselyo (sealant)
Regular	Mga eksamen, X-ray, simpleng filling at pagbunot
Pangunahin	Operasyon sa ngipin, mga crown, pustiso (denture), bridge, at root canal
Orthodontia	Braces para makatulong sa pagtuwid ng mga ngipin

- Maaaring malaki ang pagkakaiba-iba ng mga gastos mula sa sariling bulsa sa mga serbisyo para sa ngipin na ito ayon sa plan.
- Walang cap (limitasyon) sa benepisyo sa mga serbisyo para sa ngipin para sa mga bata o tagal ng paghihintay para sa mga benepisyo para sa bata.

## 4 Paano ako makakahanap ng plan para sa ngipin ng bata na angkop para sa aking anak?

- Makakatulong sa iyo ang Dental Plan Comparison Tool ng NYSOH na maikumpara ang mga gastos at benepisyo ng iba't ibang plan para sa ngipin ng bata.<sup>3</sup> Maaari itong makita sa website ng Marketplace sa: <https://info.nystateofhealth.ny.gov/resource/dental-plan-comparison-tool>
- Ang website ng Marketplace ay mayroon ding NYS Provider & Health Plan Look Up Tool, na magpapakita sa iyo ng isang listahan ng mga provider sa ngipin na lumalahok sa bawat plan. Maaari itong mahanap sa: <https://pndslookup.health.ny.gov/>

<sup>3</sup> Kapag nagsasaliksik ng mga plan para sa ngipin, tiyaking tinitingnan mo ang impormasyon ng benepisyo para sa bata, at hindi ang mga pampamilyang plan para sa ngipin na may kasamang impormasyon sa benepisyo para sa matanda.

Si usted habla un idioma diferente al inglés, los servicios de asistencia de idioma están disponibles gratis para usted. Llame al 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220).

如果您使用的語言不是英語，您可以使用我們的免費語言支援服務。請致電 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220)